Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBUPROVINCE
Sudlon, Lahug, CebuCity

Hulyo 20, 2016

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**No. 380 , s. 2016**

**BUWAN NG WIKA**

**Para sa:** **Assistant Superintendents**
**Education Supervisors/Coordinators**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, serye 2016 na naglalaman ng lahat ng mga gawaing nauukol sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa taong 2016.

2. Ang mga gawaing nararapat sa bawat linggo sa buong buwan ng pagdiriwang ay inaasahang isakatuparan sa bawat paaralan at gawin itong kapakipakinabang sa lahat ng mga mag-aaral sa lahat ng antas na kanilang kinabibilangan.

3. Inaasahan na ang lahat ng Koordineytor sa Filipino sa bawat paaralan ay magsusumite ng Ulat Pasalaysay kalakip ang mga patunay na dokumento sa tanggapang ito, matapos maisagawa ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ang pinakahuling araw ng pagsusumite sa naturang ulat ay sa ika-15 ng Setyembre, 2016.

4. Malawakan at agapang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan ay inaasahan.

**RHEA MAR A. ANGTUD, Ed.D., CESO VI**
Schools Division Superintendent

Telephone Numbers:

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent: | (032) 255-6405 |
| Asst. Schools Division Superintendent: | (032) 414-7457 |
| Accounting Section: | (032) 254-2632 |
| Disbursing Section: | (032) 255-4401 |
| Admin Legal: | (032) 253-7847 |
| Promotional Staff Section: | (032)520-3217 |

Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com

Republic of the Philippines
**Department of Education**

10 FEB 2016

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 24 , s. 2016

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wika ng Karunungan.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Filipino: Wika ng Edukasyon at Kalinangan;
b. Intelektuwalisadong Wikang Pambansa, Wika ng Umuunlad na Bansa;
c. Pagsasalin, Susi sa Pagtamo at Pagpapalaganap ng mga Kaalaman at Karunungan; at
d. Ang Wikang Filipino ay Wika ng Saliksik.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunud-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa iba pang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**
Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525; (02) 736-2524; (02) 736-2519
Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg.: 79, s. 2015

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

Alma/ DM Buwan ng Wikang Pambansa 2016
0044-January 14/29, 2016